Australian Government

Job Services Australia
people • skills • jobs

JOB SERVICES AUSTRALIA

PANG-INDIBIDUWAL NA TULONG PARA SA MGA NAGHAHANAP NG TRABAHO

ANG JOB SERVICES AUSTRALIA (MGA SERBISYONG PANTRABAHO SA AUSTRALIA) AY ISANG BAGONG PAMAMARAAN SA MGA SERBISYONG PANTRABAHO NA MAS MAHUSAY NA MAKATUTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN NG MGA NAGHAHANAP NG TRABAHO AT MGA TAGAPAG-EMPLEYO.

Papalitan ng Pamahalaang Australia ang mga serbisyong pantrabaho katulad ng Job Network (Ugnayang Pantrabaho) ng isang bagong nakalaang pamamaraan.

Ikaw ay makatatanggap ng mas personal na tulong, mas mahusay na nakalaang mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan at karagdagang access sa mga pagkakataon sa pagsasanay at karanasang pantrabaho.

Ang Job Services Australia ay magbibigay sa iyo ng tulong at suporta na talagang kailangan mo upang makahanap at mapanatili ang trabaho.

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay mga organisasyong kinontrata ng Pamahalaang Australia upang magbigay ng mga serbisyong pantrabaho at matatagpuan sa buong Australia sa mahigit na 2000 mga lokasyon. Maaari ka nilang bigyan o ikonekta sa malawak na hanay ng mga pampamahalaang inisyatiba na magbibigay sa iyo ng mga kasanayan at pagsasanay na kailangan mo.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

TUMAWAG SA
13 17 64
O BUMISITA SA
deewr.gov.au/jobservicesaustralia

1C09446JSA/tagalog

Tulong upang makahanap ng trabaho

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay makikipagtulungan sa iyo upang makapaglikha ng isang Employment Pathway Plan (Plano sa Pagkakaroon ng Trabaho) na nakalaan sa iyong pang-indibiduwal na mga pangangailangan. Ang planong ito ay magsasaayos ng mga serbisyo at pagsasanay na makatutulong sa iyo na makakita at makapagpanatili ng trabaho. Maaaring kabilang dito ang tulong sa:

- pagsusulat ng résumé
- pagkuha ng mga pagkakataon sa karanasang pantrabaho
- pagtatamo ng mga bagong kasanayan o kwalipikasyon
- paggapi sa ibang mga balakid sa pagtatrabaho.

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay makikipagtulungan sa iyo sa bawat hakbang sa pamamagitan ng pagsisikap na makilala ka at maunawaan ang iyong mga indibiduwal na kalagayan. Maaaring mabuo ang iyong plano batay sa iyong kalagayan—at ito ay makadaragdag sa iyong mga pagkakataon upang makakuha ng trabaho.

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay makikipagtulungan sa lokal na mga tagapag-empleyo, mga rehistradong organisasyon ng pagsasanay, mga pamahalaang Estado, teritoryo at lokal, mga serbisyong pangkomunidad at pangkalusugan at iba pang mga organisasyon. Malalaman nila kung nasaan ang mga trabaho at kung ano ang gagawin upang matulungan ka na makakuha nito. Ikaw ay magkakaroon ng mas malaking pagkakataon para sa pagsasanay, pagpapaunlad ng mga kasanayan at iba pang madaling magamit na tulong kung kailangan mo ito. Kabilang dito ang pagtatamo ng karanasang pantrabaho at pagkakataong makakuha ng iba pang mga inisyatiba.

Ang **Karanasang pantrabaho** ay tutulong sa iyo na :

- magpaunlad ng iyong mga kasanayan sa trabaho
- magpakita ng iyong mga kakayahan sa mga potensyal na tagapag-empleyo
- makakuha ng mga sertipikasyon
- makakilala ng mga bagong kontak sa trabaho
- makilahok sa may istrukturang pagsasanay
- manatiling konektado sa larangan ng trabaho.

Ang mga Gawaing nauukol sa Karanasang Pantrabaho ay maaaring bahaging-oras, casual o buong-oras, at maaari ding may bayad o walang bayad. Maaaring kabilang dito ang:

- Work for the Dole at iba pang trabahong boluntaryo
- mga gawaing pangkapaligiran ng Green Corps (na magagawa na ngayon ng lahat ng mga karapat-dapat na naghahanap ng trabaho)
- trabaho sa isang pangsosyal na negosyo
- Pwersang nauukol sa Kawalan
- Mga Reserba ng Pwersang Tanggulan
- May istrukturang pagsasanay.

Ang **Ibang mga inisyatiba** ay maaaring makatulong sa iyo na mapagtagumpayan ang mga balakid sa pagkuha ng trabaho. Ikaw ay maaari ding maging karapat-dapat para sa isa sa mga sumusunod na mga programa.

Ang **Panukalang Insentibo para sa Bagong Negosyo (New Enterprise Incentive Scheme)** ay nagbibigay ng kinakailangang pagsasanay, pagtuturo at suporta upang matulungan ka sa pagsisimula ng isang maliit na negosyo.

Ang **Programa para sa May Pakinabang na mga Pagpupuwesto (Productivity Places Program)** ay nagbibigay ng mga kursong pagsasanay na hatid ng mga rehistradong organisasyon ng pagsasanay kung saan ikaw ay maaaring makakuha ng mga bagong kwalipikasyon o ma-upgrade ang iyong umiiral na mga kwalipikasyon.

Ang **Programa para sa Pagkuha ng Pag-aaprentis sa Australia (Australian Apprenticeships Access Program)** ay isang libreng programa ng pagsasanay sa industriya, na kinikilala sa buong bansa na nagbibigay sa iyo ng batayang mga kasanayan upang makatulong sa iyo na makakuha ng Pag-aaprentis sa Australia.

Ang **Programa para sa Karunungang Bumasa, Sumulat at Bumilang (Language, Literacy and Numeracy Program)** ay nagbibigay ng libreng pagsasanay upang mapagbuti ang iyong mga kasanayan sa pagbasa, pagsulat at matematika.

Karagdagang tulong

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay maaaring makapagbigay sa iyo ng mga natatanging serbisyo kung ikaw ay natasa na nadisbentahe nang lubusan. Depende sa uri ng disbentaheng iyong kinakaharap, ikaw ay maaaring makatanggap ng partikular na mga serbisyo upang makatulong sa iyo na makahanap ng trabaho. Maaaring makakuha ng mas mataas na antas ng pagpopondo at karagdagang tulong upang matulungan ka kung ikaw ay nadisbentahe nang lubusan.

Kung ikaw ay walang tirahan, isang taong may kapansanan, isang nanganganib na kabataan, o dumaranas ng mga problemang nauukol sa kalusugang pangkaisipan, makatutulong sa iyo ang iyong tagapagbigay-serbisyo na makakuha ng suporta at tulong na naaangkop sa iyong kalagayan. Maaaring kabilang dito ang mga serbisyong pansuporta para sa kalusugang pangkaisipan, pagpapayo, mga serbisyong pangrehabilitasyon, pagpapayo sa pananalapi at pangangasiwa sa pagkamagalitin (anger management).

Ang lahat ng mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay maaaring maghatid ng partikular na mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan kung ikaw ay isang naghahanap ng trabaho na nadisbentahe nang lubusan. Ikaw ay maaari ding bigyan ng pagkakataong makadalo sa espesyalistang tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, gaya halimbawa, isang espesyalista sa Kabataan o Kapansanan, na nagtatrabaho sa maraming lokasyon sa kabuuang Australia.

Mga naghahanap ng trabaho na may kapansanan at mga kondisyong nauukol sa kalusugang pangkaisipan

Kung ikaw ay isang taong may kapansanan o nahaharap sa mga problemang nauukol sa kalusugang pangkaisipan at may espesyal na mga pangangailangang pansuporta sa lugar pantrabaho, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa Ugnayang Pantrabaho para sa may Kapansanan (Disability Employment Network) o Mga Serbisyong Pangrehabilitasyon sa Trabaho (Vocational Rehabilitation Services). Ang Centrelink o ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay maaaring makipag-usap sa iyo tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat at magsasangguni sa iyo upang matasa ang iyong pagiging karapat-dapat kung kinakailangan.

Ang isang miyembro ng Ugnayang Pantrabaho para sa may Kapansanan ay maaaring makatulong sa iyo sa pamamagitan ng natatanging tulong at pagbibigay ng patuloy na suporta upang makatulong sa iyo na makahanap at makapagpanatili ng trabaho. Ang Ugnayang Pantrabaho para sa may Kapansanan ay isinasagawa ng ugnayan ng mga organisasyon—kapwa malaki at maliit—sa buong Australia.

Ang tagapagbigay ng Mga Serbisyong Pangrehabilitasyon sa Trabaho ay maaaring makapagbigay ng tulong at suporta kung ikaw ay nagkaroon ng pinsala, kapansanan o kondisyong pangkalusugan at nangangailangan ng tulong upang makahanap at makapagpanatili ng trabaho. Ang mga tagapagbigay ng Mga Serbisyong Pangrehabilitasyon sa Trabaho ay nagpapaunlad ng pang-indibiduwal na mga programa na nagpopokus sa iyong mga kalakasan at kakayahan, at sa mga hadlang na kinakaharap mo sa pagkakaroon ng trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano makatutulong ang mga miyembro ng Ugnayang Pantrabaho para sa May Kapansanan o mga tagapagbigay ng mga Serbisyong Pangrehabilitasyon sa Trabaho, o upang matagpuan ang iyong lokal na serbisyo, tawagan ang Tagapayo ng JobAccess sa **1800 464 800** o bisitahin ang **jobaccess.gov.au**.

Kung ikaw ay may kapansanan o kondisyong nauukol sa kalusugang pangkaisipan at nagtatrabaho na, maaari ka pa ring makakuha ng tulong sa pamamagitan ng serbisyo ng JobAccess. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa Tagapayo ng JobAccess sa **1800 464 800** o bisitahin ang **jobaccess.gov.au**.

Kung hindi Ingles ang iyong unang wika

Ang Programang Ingles para sa Migranteng May Sapat na Gulang (Adult Migrant English Program) o Programa para sa Karunungang Bumasa, Sumulat at Bumilang ay maaaring makatulong sa iyo na mapagbuti ang iyong mga kasanayan sa wikang Ingles. Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay tutulong sa iyo na makahanap ng interpreter kung kinakailangan.

Tulong para sa mga manggagawang kamakailan lamang ay nawalan ng mga trabaho

Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng kagyat na pagkakataong makakuha ng mga serbisyong pantrabaho sa pamamagitan ng Job Services Australia kung ikaw ay nawalan ng trabaho dahilan sa redundancy, retrenchment, pagbabawas ng mga tao sa operasyon o anumang iba pang mga dahilan na maaaring isisi sa paghina ng negosyo.

Ang lahat ng mga manggagawa na nawalan ng trabaho sa ganitong mga kadahilanan ay magiging karapat-dapat para sa kagyat na pagkakataong makakuha ng masinsinang mga serbisyong pantrabaho. Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay may access sa mga mapagkukunan ng impormasyon kung paano muling makasanib sa larangan ng trabaho.

Kakailanganin mong magparehistro sa Centrelink upang makatanggap ng tulong na ito. Ang Centrelink ay magbibigay sa iyo ng kagyat na pagkakataong makakuha ng higit na personal na mga serbisyo upang makatulong sa iyo na makahanap kaagad ng bagong trabaho hanggat maaari.

1. Kumuha ng sulat mula sa iyong tagapag-empleyo, isang Sertipiko ng Pagkahiwalay sa Trabaho o ilang katibayan na ikaw ay nawalan ng trabaho para sa mga kadahilanang nasa itaas. Dalhin ito sa Centrelink.

Tatasahin ng Centrelink ang iyong pagiging karapat-dapat para sa natatanging mga serbisyong ito at gagawa ng appointment para sa iyo sa kalapit na tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia.

2. Makipagkita sa iyong lokal na tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia

Tatasahin ng iyong tagapagbigay-serbisyo ang iyong kalagayan at makikipagtulungan sa iyo upang magbigay ng mga serbisyong makatutulong sa iyo na muling makapasok sa trabaho.

Batay sa iyong kalagayan, maaaring kabilang sa kagyat na tulong ang:

- pagsasanay at tulong sa paghahanap ng trabaho, katulad ng paghahanda ng résumé at pagpapayo ukol sa pinakamahusay na mga paraan sa paghahanap ng trabaho
- paggamit ng mga telepono, computer, mga gamit sa pagsusulat at mga listahan ng mga bakanteng trabaho upang makatulong sa iyo na makahanap ng trabaho
- pagpapaunlad ng mga kasanayan at pagsasanay na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng lokal na pamilihang paggawa
- reperal sa edukasyon o pagsasanay upang mapagbuti ang iyong mga kasanayan sa lengguwahe, karunungang bumasa, sumulat at bumilang , kung kinakailangan
- tulong sa ilang tiyak na mga gastusin, katulad ng botas pangkaligtasan, mga lisensiya para sa malalaking sasakyan, mga kursong pangkompyuter, tulong sa pasahod at tulong sa paglilipat, kung kinakailangan.

Mga Pakete ng Pag-aakma ng Trabaho (Labour Adjustment Packages)

Ang mga Pakete ng Pag-aakma ng Trabaho ay maaaring makuha ng mga manggagawang ginawang redundant mula sa karapat-dapat na mga kompanya ng pagawaan ng sasakyan o mga industriya ng tela, damit o sapatos.

Kung ikaw ay ginawang redundant mula sa isang karapat-dapat na kompanya, ikaw ay maaaring makakuha ng karagdagang masinsinang mga serbisyong pantrabaho sa pamamagitan ng mga Pakete ng Pag-aakma ng Trabaho.

Upang matagpuan ang iyong pinakamalapit na tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia tumawag sa **13 17 64** o bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Impormasyon para sa mga Katutubong naghahanap ng trabaho

Binago ng Pamahalaang Australia ang Programa para sa Trabahong Pangkatutubo upang higit na makatugon sa mga pangangailangan at inaasahan ng mga Katutubong mamamayan at kanilang mga komunidad. Kabilang sa bagong Programa para sa Trabahong Pangkatutubo ang karagdagang suporta para sa mga tagapag-empleyo na makapagrekluta at makapagpanatili ng mas maraming mga Katutubong Australiano at gayundin ng tulong upang ikaw ay makapaglikha at makapagtayo ng sarili mong negosyo.

Ang Job Services Australia ay maaaring makatulong sa iyo na makakuha ng pagsasanay o makahanap ng trabaho na maipaparis sa iyong mga kasanayan. Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay makikipagtulungan sa iyo na maglikha ng isang Plano sa Pagkakaroon ng Trabaho, na magbibigay sa iyo ng pagkakataong makakuha ng kabuuang hanay ng mga serbisyong pantrabaho.

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ay makatutulong sa iyo na:

- magkaroon ng karanasan sa trabaho sa pamamagitan ng pagpupuwesto sa iyo sa isang tagapag-empleyo
- matuto ng mga bagong kasanayan sa pamamagitan ng pagsasanay sa trabaho, pagpapahusay ng kasanayan at partikular na pagsasanay na nais ng tagapag-empleyo
- makakuha ng pag-aaprentis o pagsasanay o, kung ikaw ay nag-aaral pa, ng pag-aaprentis o pagsasanay na nakabase sa paaralan
- makapag-aral sa antas ng diploma o mas mataas sa rehistradong mga organisasyon ng pagsasanay o unibersidad
- makapagsimula ng sarili mong negosyo o makatulong sa iyo na maitayo ay iyong umiiral na negosyo
- makalipat sa isang lugar na may mas maraming mga pagkakataon para sa trabaho at magbibigay ng suporta sa iyo at sa iyong pamilya na maisagawa ang paglipat
- mapaglabanan ang mga balakid na nagiging hadlang upang ikaw ay makahanap o makapagpanatili ng trabaho
- mapagbuti ang iyong kasanayan sa pagbasa, pagsulat at matematika.

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay nakikipagtulungan sa mga lokal na tagapagbigay-serbisyo ng Community Development Employment Projects (CDEP) (Mga Proyekto para sa Pagpapaunlad ng Trabaho sa Komunidad). Kung ikaw ay isang Katutubong naghahanap ng trabaho na naninirahan sa isang malayong lugar, ikaw ay maaaring isangguni ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia sa iyong lokal na tagapagbigay-serbisyo ng CDEP, na malapit na makikipagtulungan sa iyong tagapagbigay-serbisyo upang matulungan ka na makakuha ng mga kasanayang kailangan mo upang makahanap ng trabaho.

Ang iyong tagapagbigay-serbisyo ay makatutulong din sa iyo na pansamantalang makalipat upang makilahok sa mga gawaing nauukol sa edukasyon, pagsasanay o karanasang pantrabaho kung ang mga pagkakataong ito ay hindi maaaring makuha sa lokal na lugar. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa **13 17 64** o bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CDEP tawagan ang iyong lokal na Sentro para sa Koordinasyong Pangkatutubo sa **1800 079 098** o bisitahin ang **fahcsia.gov.au/indigenous**.

Iba pang mahalagang impormasyon

Upang magparehistro sa tulong

1. Bisitahin ang iyong lokal na tanggapan ng Centrelink

Maaaring tasahin ng Centrelink ang iyong kalagayan at alamin ang mga serbisyong karapat-dapat para sa iyo. Bibigyan ka ng Centrelink ng impormasyon upang ikaw ay makapili ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia at gagawa ng appointment para sa iyo sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia.

Ang ilang mga karapat-dapat na mga naghahanap ng trabaho ay maaaring magparehistro nang direkta sa isang tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia nang hindi kinakailangang dumaan sa Centrelink. Upang alamin kung maaari mo itong gawin tumawag sa **13 17 64** o bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

2. Makipagkita sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia

Sa iyong unang appointment ikaw ay makikipagpulong sa iyong tagasangguni na gagawa ng isang Plano sa Pagkakaroon ng Trabaho na maglalatag ng mga serbisyo at karanasan sa trabaho na magiging angkop sa iyong pang-indibiduwal na mga pangangailangan. Kabilang dito ang:

- pagsusulat ng résumé
- pagkuha ng mga pagkakataon para sa karanasang pantrabaho
- pagtatamo ng bagong mga kasanayan o kwalipikasyon
- paggapi sa iba pang mga balakid sa pagtatrabaho.

Mga Pasilidad para sa Paghahanap ng Trabaho

Upang matulungan ka sa iyong paghahanap ng trabaho ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay magbibigay sa iyo ng access sa personal na mga computer na may koneksyon sa broadband internet at mga printer. Maaari mo ring magamit ang mga pasilidad upang maka-access sa internet upang maisakatuparan ang mga gawain ng paghahanap ng trabaho kabilang ang pag-update at pag-imprenta ng iyong résumé o paghahanap at pag-aaplay ng mga trabaho sa pamamagitan ng internet.

Ikaw ay maaari ding maka-access sa hanay ng mga website ng trabaho kabilang ang JobSearch ng Australia sa **jobsearch.gov.au**.

Ang JobSearch ay ang pinakamalaking libreng website ng trabaho sa Australia na nagdidispley ng libo-libong mga trabaho araw-araw. Ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga trabaho at mga kondisyon sa trabaho, mga propesyon at pagsasanay.

Pagiging karapat-dapat

Kung ikaw ay walang trabaho, ikaw ay karapat-dapat na magparehistro sa isang tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia.

Ang iyong mga pananagutan

Kung ikaw ay tumatanggap ng Newstart, Youth Allowance o Parenting Payment na may mga pangangailangan para sa Activity Test o pakikilahok, ikaw ay kailangang maghanap ng trabaho at makilahok sa mga gawaing makatutulong sa iyo na makahanap ng trabaho.

Isasaalang-alang ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ang iyong personal na kalagayan at makikipagkasundo ukol sa angkop na mga gawaing isasama sa iyong Plano sa Pagkakaroon ng Trabaho.

Kung hindi mo kayang makilahok sa mga gawain dapat mo itong talakayin sa iyong tagapagbigay-serbisyo. Kung ikaw ay nabigong tumupad sa napagkasunduang mga gawain ito ay maaaring makaapekto sa iyong mga kabayarang pansuporta sa kinikita.

Ang iyong karapatan sa pagiging pribado

Ang iyong personal na impormasyon ay protektado ng *Batas sa Pagiging Pribado 1988 (Privacy Act 1988)* at ang impormasyon tungkol sa iyo ay maaari ding maging protektado ng *Batas ng Social Security (Pang-administrasyon) 1999 (Social Security (Administration) Act 1999)* (gaya halimbawa, kung ikaw ay tumatanggap ng suporta sa kita). Ang iyong impormasyon ay maaaring ibahagi sa pagitan ng mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, ng Department of Education, Employment and Workplace Relations (DEEWR), Centrelink at iba pang mga kagawaran at kawanihan ng Pamahalaang Australia, na nagbibigay-daan upang ang mga organisasyon ay makapagbigay sa iyo sa pinakaangkop na mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagiging pribado magtanong sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, DEEWR o bisitahin ang **privacy.gov.au**

Ang aming garantiya ng serbisyo para sa iyo

Garantiya ng Serbisyo

Ikaw ay patuloy na tatanggap ng personal na mga serbisyong pantrabaho na hatid ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia. Ang mga serbisyong ito ay naaangkop sa iyong mga kalagayan at pinagmulan. Upang makita ang lahat ng mga Garantiya ng Serbisyo bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Koda ng Panunungkulan

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay kinontrata upang maghatid ng mga serbisyong pantrabaho na pinondohan ng Pamahalaang Australia at sumang-ayon at nakalaang tumupad sa Koda ng Panunungkulan ng mga Serbisyong Pantrabaho (Employment Services Code of Practice). Upang makita ang Koda ng Panunungkulan bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa 13 17 64 o bisitahin ang deewr.gov.au/jobservicesaustralia.

Ang isinaling impormasyon ay maaaring makuha sa: deewr.gov.au/jobservicesaustralia_languages.

PARA SA KARAGDAGANG
IMPORMASYON
TUMAWAG SA 13 17 64
O BUMISITA SA
deewr.gov.au/jobservicesaustralia